

PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE  
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE  
JUNE 22, 2021 (12:07 P.M. 12:59 P.M.)

**SEC. ROQUE:** Magandang tanghali, Pilipinas.

Humarap kagabi si Presidente Rodrigo Roa Duterte sa taumbayan para sa kaniyang regular Monday Talk to the People Address. Ito po ang ilan sa mga nasabi ng ating Pangulo: Sinabi ni Pangulo na kinakailangan pa rin magsuot ng face shields indoors and outdoors bilang additional layer ng proteksyon sa gitna ng seryosong banta dala ng nakakahawang Delta variant ng COVID-19.

Bago ito, sinabi ni Dr. Edsel Salvaña ng DOH Technical Advisory Group na mas nakakahawa ang Delta variant kumpara sa orihinal na variant na galing Tsina. Dagdag pa ng health expert na si Dr. Anna Ong-Lim, mayroong pag-aaral na nagpapakita na ang proteksyon sa mata tulad ng face shields ay nakakaiwas sa pagkalat ng virus. Ninety-nine percent ang estimated effect of protection kapag naka-face mask, face shield at physical distancing. Kapag face shield alone, it is 78%.

Sa animnapu't dalawang healthcare workers na sumailalim po sa pag-aaral sa India na hindi nagsuot ng face shield, labindalawa sa kanila ang na-infect ng virus sa loob ng isang linggo; samantalang sa mga nagsuot ng face shields, wala ni isa sa kanila ang nagkaroon ng COVID-19. Ibig sabihin, nakabase po sa siyensiya itong desisyon ni Presidente sa pagsusuo ng face shield.

Nagbago ba ho ang Presidente ng desisyon? Opo, dahil ang sabi nga po niya kahapon ay iyong kaniyang nasabi na hindi naman niya talagang ninanais na maging bagong polisiya ay bago niya nakuha ang impormasyon sa bagong anyo ng Delta variant.

Sabi nga po ni Dr. Fauci, siyempre po ang ating mga posisyon ay depende rin sa pagbabago sa siyensiya. At dahil nalaman po natin kung ano ang anyo nitong Delta strain na ito, kinakailangan mas matindi ang proteksyon na ginagamit natin.

Kaugnay nito, mayroong inilabas na IATF resolution po noong Disyembre. Basahin po natin ang nilalaman nito ‘no, at ito po ay epektibo muli; ito po ang binuhay muli ng ating Presidente kahapon, “*All persons are mandated to wear full-coverage face shields together with face masks, ear loop masks, indigenous, reusable or do-it-yourself masks, or other facial protective equipment which can effectively lessen the transmission of COVID-19, whenever they go out of their residences...*”

Okay po, malinaw po iyan. Kinakailangan isuot ang face mask at face shield kapag lumalabas po tayo sa ating mga tahanan.

Okay? Tungkol pa rin sa Delta variant, hinikayat ni Food and Drug Administration Director General Eric Domingo ang lahat na magpabakuna regardless of vaccine brand. Sabi ni DG Domingo, epektibo ang lahat ng bakuna laban sa Delta variant bagaman magkakaiba sila ng efficacy rates.

Inanunsiyo rin ng Pangulo sa Talk to the People Address ang kaniyang pagtutol sa face-to-face classes hanggang hindi nababakunahan ang karamihan. Kung inyong matatandaan, una nang pinanukala ng

DepEd ang pagkakaroon ng limited face-to-face classes sa mga pampublikong paaralan sa mga low-risk areas.

Sa usapin ng ICC, sinabi ni Presidente na haharap siya lamang sa anong korte pero dapat dito sa Pilipinas at hindang-hindi siya papayag na husgahan ng mga dayuhan lalo na ng mga puti. At handa siyang ipagtanggol ang kaniyang sarili sa posibleng imbestigasyon.

Usaping bakuna naman po tayo. Mayroon tayong inaasahang mahigit na sampung milyon or 10,804,820 vaccine schedule deliveries para lang po sa buwan ng Hunyo. Itong buwan ng Hunyo, mahigit limang milyon or 5,876,820 na po ang dumating sa bansa. Kasama na rito po ang 3.5 million na Sinovac; 2,276,820 na Pfizer through COVAX; at 100,000 na Sputnik V. Inaasahan natin na may paparating na Sinovac, Moderna, AstraZeneca at Sputnik V pa po.

Mamaya ay makakasama natin si Ambassador Romualdez para pag-usapan ang Moderna at ang donasyon ng Amerika sa Pilipinas.

COVID-19 updates naman po tayo. Ito ang ranking ng Philippines sa mundo ayon sa Johns Hopkins:

- Number 24 po tayo pagdating sa total cases
- Number 25 din po tayo pagdating sa active cases
- Number 131 po tayo sa cases per 100,000 population
- At number 90 sa case fatality rate na 1.7

Mayroon po tayong 5,249 na mga bagong kaso ayon sa June 21, 2021 datos ng DOH. Nananatiling mataas ang ating recovery rate, ito po ay nasa 94.2%. Salamat po sa ating mga medical frontliners.

Nasa 1,284,643 na po ang mga bilang ng mga naka-recover. Samantala, nakikiramay po kami sa mga naulila sa malungkot na balitang nasa 23,749 na po ang binawian ng buhay; nasa 1.74% ang ating fatality rate.

Puntahan naman po natin ang ating confirmed cases by report date sa buong bansa. Makikita na patuloy ang pagbaba ng mga kaso sa NCR Plus – itong asul na kurbada. Samantala, ang Visayas na aqua blue curve at ibang bahagi ng Luzon na red curve ay makikita na nagpa-plateau na po, habang patuloy ang pagtaas ng kaso sa Mindanao na orange curve.

Tignan naman po natin ang case trend sa buong bansa at sa NCR. Makikita po natin na ang average daily attack rate ng June 8 to June 10 sa nationwide po ay 5.91. Ito po ay mas mababa kung ikukumpara doon sa April 4 to 17 na 9.22.

Sa NCR naman po, ang ating average daily attack rate ay 5.70, ito po ay per 100,000 population. Ang laki po nang ibinaba nito from April 4 to 17 na 34.02.

Samantala, ang ating 2-week growth rate po sa nationwide para sa panahong ito ay 6%. Ito po ay bumaba galing sa 11% noong Abril. At sa NCR po, nasa -23% po tayo at ito po ay -5 noong Abril.

Dito po nagtatapos ang ating presentasyon. Kanina po ay kinausap natin si Philippine Ambassador to the United States Jose Manuel “Babes” Romualdez, at tineyp [taped] po natin ito because of the time difference. Panoorin po muna natin ang ating conversation with Ambassador Babes Romualdez:

**SEC. ROQUE:** Ang ating Ambassador to the United States, Ambassador Babes Romualdez. Sir, tatlong tanong lang po 'no: Una, mayroon pong nalathalang mga reports na makakatanggap po tayo ng 20 milyong mga bakuna galing po sa American pharmaceutical na Moderna? Pangalawa po, ano raw po ang mga balita ukol dito sa mga bakunang ido-donate ng US government? Mayroon na ba ho tayong balita kung ilan iyan at kung kailan darating? At pangatlo po ay ano pa ho ang mga developments na mayroon po sa Amerika na makakaapekto doon sa pagkuha natin ng mga bakuna?

The floor is yours, Ambassador Romualdez.

**AMBASSADOR ROMUALDEZ:** Thank you, Spokesperson Harry Roque. Thank you for giving me this opportunity. I just want to clarify iyong sinabi ko kagabi doon kay Kabayan Noli de Castro iyong interview ako, iyong 20 million, iyan iyong ating ini-negotiate na noon pa. At iyong first batch kapag darating sa atin, mga June 27, iyong first batch iyan 'no; medyo maliit iyon. Pero next month o July, that will probably be closed to a million tapos succeedingly down the road, up to around November, we will be getting the entire 20 million from Moderna.

Ngayon iyong donation galing sa Amerika, naalala natin iyong announcement ni President Biden, mayroon silang 80 million na sort of like excess. Doon sa 80 million na iyon, we're going to get something like close to 800 to one million na doses, either Moderna or AstraZeneca from their stockpile which is expected to be given to us by next month. Pagkatapos, mayroon silang ... iyong 500 million na donation nila to the world, kasama rin tayo doon sa donation na iyon 'no. So we're getting quite a substantial amount of doses or vaccines coming from the United States aside from what we've already negotiated.

Ngayon iyong in-announce ni Secretary Galvez, iyong 40 million, iyan part of the COVAX Facility which is also a donation coming from the United States. We were able to get that, of course, at a very, I would say, very low price precisely because it is to help countries like the Philippines.

So iyan ang puno't dulo ng ating vaccine negotiations. Ngayon, ang magandang balita, kasama rin tayo doon sa mga booster shots na dini-develop ngayon 'no. Moderna definitely has already informed us, nag-reserve na tayo ng mga 50 million doses – that's for next year. As we all know, itong variant nga na nakikita natin na galing sa India, iyong Delta variant, it is still very effective coming from the UK clinical ... or the test that they got there that the Pfizer, specifically, is very effective still with the Delta variant; they are 88% effective. And we expect the same thing for Moderna dahil pareho rin ang technology.

So we are in good shape as far as our vaccines are concerned, Spokesperson.

**SEC. ROQUE:** Maiba naman po tayo. Ano pong naging reaksiyon ng mga American leaders doon sa desisyon ng ating Presidente na palawigin pa iyong pagti-terminate ng VFA for another six months?

**AMBASSADOR ROMUALDEZ:** Well, of course, they were very happy about that. As you know, both countries have sat down to different panels and we've had, I wouldn't really call it negotiation but clarifications on terms of agreement which was completed.

Sabi ni Presidente, gusto niyang pag-aralan iyon. Aside from the fact that of course, our relationship with the United States is a very important one, so itong VFA is one of the many aspects of our relationship outside of the economic and of course the special relationship in

terms of how many years we've had up to this year. We celebrated 75 years of our diplomatic relations 'no.

So, iyong balita na mayroong mga backdoor negotiation, hindi totoo iyan dahil very open naman tayo sa DFA and of course I'm one of those who believes that it's really important for us because it's mutually beneficial anyway, aside from the fact that – to be honest about it – the VFA I think has benefited our military of which Secretary Lorenzana has confirmed this on several occasions.

So, we're hoping that this will continue and of course the US Government, especially the US military establishments were very pleased with this development that the President has extended it for another six months. So, we're hoping that it would be perhaps better than it ever was in terms of the kind of agreement that we have with them and it will be mutually beneficial for both our militaries.

**SEC. ROQUE:** Okay. Well, iyon lang po, Ambassador Romualdez. As usual, maraming salamat po sa inyong panahon. We understand that it is 10 P.M. in the United States right now, so, our heartfelt gratitude po for taking the time out to be with us.

Good day, Ambassador Romualdez.

**AMBASSADOR ROMUALDEZ:** Anytime. Maraming salamat, Harry. Thank you very much.

**SEC. ROQUE:** Yes! Kasama rin po natin ngayon si Doktora Alethea de Guzman ng Department of Health.

Doc, ang tanong: Gaano ba ho ka-importante in view of the Delta variant itong ating ten-day mandatory facility quarantine para sa mga dumarating galing po sa ibang bansa including iyong PCR test on the seventh day at four days home quarantine? Dahil napakadami pong mga OFWs na nagrereklogo na napakahirap daw po at napakahaba nitong quarantine na niri-require natin at kung mayroon pa po kayong idadagdag doon sa sinabi ni Doktora Ong Lim kagabi na siyensiya behind the use of face shields. The floor is yours, Doktora Alethea de Guzman.

**DR. DE GUZMAN:** Magandang tanghali at salamat po 'no sa oportunidad upang makapamahagi tayo ng impormasyon.

Ito po ay isang maikling presentasyon lamang para mas maipaliwanag po natin kung bakit tuluy-tuloy na inirerekonda ang ating paggamit ng face shield at iyong ating pagsunod sa quarantine protocols.

Tayo ay talaga namang gusto natin na mapaluwag talaga iyong ating mga restrictions sa ating border. Subalit nakikita natin po dito sa slide na ito iyong tuluy-tuloy na pag-detect natin ng

mga tinatawag nating variants of concern. Nakakita na tayo dito sa Pilipinas nitong Alpha, iyong dating B.1.1.7 ang tawag natin at ang Beta, at iyong B.1.351 ‘no.

So, locally, we have already identified them and they total 1,085 and then 1,267. Subalit iyong dalawa pa pong mga variants of concern, iyong tinatawag nating Gamma, the P.1; at ang Delta, ito nga po iyong B.1617.2 na unang na-report sa India ay mga nadi-detect pa lang natin sa mga incoming international travelers natin. At karamihan dito ay mga returning overseas Filipinos.

At itong pinakahuli nga nating sequencing ay mayroon tayong apat na dagdag na Delta variant cases na na-identify. Sa ngayon, halos lahat ng ating rehiyon ay mayroon na tayong local na kaso ng B.1.1.7 at B.1.351 ‘no.

Ngayon, bakit tayo nagiging napaka-ingat tungkol dito po sa Delta variant ‘no? Iyong kaniyang tinatawag na mga mutation, ito po iyong potensiyal na epekto niya:

Una, mas transmissible pa po ito ‘no doon po sa ini-report natin na Alpha variant at saka Beta variant ‘no. At makikita po natin dito sa picture sa kanan kung gaano ba ka-transmissible. So, iyong original na virus galing sa Wuhan ay mula isang tao puwede niyang ma-transmit from 2.4 to 2.6 na katauhan.

Noong flinag [flagged] po namin ang B.1.1.7 nakita natin isang tao puwedeng ma-infect hanggang four to five additional na mga kaso at tao. Pero ang Delta variant, ang mga pag-aaral nagpapakita, puwede nga po hanggang five to eight people ang puwede po niyang ma-infect at ito ay higit na marami kaysa sa Alpha at Beta variants.

Ikalawa po ay iyong ating posibleng epekto nito doon sa pagbabakuna natin. Ang sabi nga natin. Ang sabi nga natin, potensiyal na mas mababawasan iyong effectiveness pero nabanggit nga ni Ambassador, effective pa rin po. Lyon nga lang kung dating 100%, posibleng bumaba nang 90% lamang ang effectiveness ‘no. Pero iyon nga, tayo ay higit na nag-iingat dahil sa ngayon ito ay nakikita lamang among our incoming international travelers at wala pa po tayong nadi-detect dito locally po ‘no.

So, just to summarize, ilan pa pong features ng Delta variant ang naging dahilan sa higit nating pag-iingat. Nari-report ang mabilis na pagkalat nito globally ‘no. So, na-report po siya especially in UK and in Scotland ‘no. Nabanggit ko na nga rin po na ito ay na-relate or naa-associate sa mas transmissible.

Napapansin din na mayroong ibang sintomas ‘no. Nandoon pa rin iyong pag-uubo at pagkakaroon ng lagnat pero hindi po typical ‘no iyong kaniyang pagkapresenta. At mayroon po tayong report galing sa ilang bansa na napapansin nila iyong mga kaso na positibo para sa Delta variant, nari-report na mas mataas ang pagkaka-ospital sa kanila.

Pero ang magandang balita at nabanggit nga po ay ang dalawang doses ng bakuna ay very protective po ‘no, para protektahan from getting COVID-19 infections even the ones na mayroon po ng Delta variant.

So ito lamang ay isang pagpapatunay, itong slide na ‘to na in certain countries, nararamdaman na po nila iyong impact ‘no ng Delta variant sa kanila – pagdami ng kaso which started in India and now it’s also being observed in the United Kingdom, it’s also being observed that there is increased hospitalization. And nabanggit nga ng ating Spokesperson ay iyong pagpapa-warn ‘no ni Dr. Fauci na posibleng ang pagkakaroon ng Delta variant locally ay puwedeng sundan ng tinatawag na naman nating surge of infection. At ayaw na nating magkaroon na naman tayo ng isang surge ng kaso po ‘no.

So paano natin ‘to imi-mitigate, iyong pagpasok? So, tayo ay patuloy na ini-encourage at sinasabi natin iyong MPHS, ang ating PDTIR at ang ating mga bakuna ay mga epektibong pamamaraan para po ma-prevent at ma-control ang pagkalat ng mga variants of concern na ‘to.

At gusto ko lang pong puntahan ‘no iyong isa, iyong MPHS, at iyon ay ang consistent at tamang paggamit po ng face mask at face shield, at iyong ikatlo at ikaapat po, iyong very strong na border control nga po natin. So mabilisan lamang, ito po ‘yung siyensiya na sinasabi po ng ating experts at nabanggit nga po ng ating Spokesperson na pinakikita na siguro kung face mask lamang or face shield lamang ang gagamitin natin, posibleng ang proteksyon na ibinibigay nila sa atin ay from 78 to 85 percent lamang.

Pero our local study showed na kung pagsasama-samahin po natin ang face mask, face shield and even physical distancing, they offer a 99% protection against getting or even transmitting that virus to other people. So this is the local study done by our experts na, so 93% pagsamahin natin ang face mask at face shield. Pero nakikita natin napakahalaga, dagdagan po natin ng physical distancing ‘no lalo na nga po tayo madalas sa trabaho or kapag tayo ay pupunta sa mga public places, iyong enclosed spaces na ‘to napakahalaga po talaga ng physical distancing.

Ang mga MPHS natin na protocols ay lalo pang mahalaga sa mga hindi pa nababakunahan subalit tuluy-tuloy pa rin po dapat ang paggamit kahit po kayo ay nakaisa o even iyong dalawang doses po ng ating bakuna.

Ngayon puntahan ko lang po sandali iyong ating border control. Bakit napakahalaga ng border control natin? Ito po iyong tinatawag ng DOH na border strategy at gusto ko lang pong i-emphasize iyong dalawang unang door natin ‘no kung saan iyong unang door ay paano natin niri-restrict iyong pagpasok ‘no. We have restrictions such as now for some countries pero ito ay hindi sustainable ‘no. Ito ay initial response lamang kapag mayroon tayong mga nadi-detect na bagong variant of concern or variant of interest.

Pero ang kailangang lalong paigtingin ay ang ating door through kung saan nandito na po siya sa ports of entry natin – kesyo via plane or via sea vessel ‘no. At ito ay isang mahalagang palakasin po natin dahil ito po ‘yung paraan para ma-mitigate, ma-minimize natin ang pagpasok ng mga bagong variant of concern into our country and eventually doon natin maramdaman iyong mga impact nitong mga variant of concern natin in our community.

So this is the 10 plus 4 wherein we advocate a 10-day facility-based quarantine upon arrival. We get swab on the 7<sup>th</sup> day and if you test negative on the PCR, you may be endorsed already to LGU where you complete ‘no the other 4 days totaling 14 days pa rin po na quarantine.

So bakit ganoon? Bakit hindi puwedeng ‘pag nag-negative na ako, i-test na lang ako pagdating tapos kung negative ako, pauwiin na lang ako, negative naman po ako eh ‘no? Susubukan ko pong ipaliwanag na kapag tayo po kasi pagdating dito ‘no, potentially baka na-expose pa tayo, huling araw natin doon sa bansa na pinanggalingan natin; posible din habang nagta-travel tayo dito, na-expose tayo uli.

So unang tatlong araw posibleng wala pa po kayong nararamdamang sintomas, posibleng hindi pa po kaya nagpa-positive on PCR.

Ang pag-positive sa PCR o ‘di po kaya paglabas ng mga sintomas ay posibleng makita lima hanggang walang araw pagkatapos po nating dumating, nakita po natin iyan noon ‘no, noong una nating ni-report ang unang kaso ng B.1.1.7. Ang kaniyang kasama, siya po ay dumating, nag-positive na po siya pagdating subalit ang kaniyang kasama po ay hindi pa po nagpositibo at umabot pa po ng ilang araw bago po lumabas na positive po siya ng PCR.

So sa mga ganitong pagkakataon kung tayo po ay idi-discharge na natin ‘no, hindi na po natin itutuloy ang quarantine, ang posible nga pong magkaroon po na at later pa po lumabas ang infection at doon po tayo sa bahay magkaroon ng transmission.

At siguro bago po i-end ang aming presentasyon, nakikita din po natin sa pag-aaral na kung tayo ay tatapusin natin hanggang sampung araw ng quarantine – iyong risk na tayo ay mang-i-infect at magta-transmit pa ng ating infection to other people, napakababa na. It’s a low as .3 to 1.4 percent na lamang ‘no. Kumpara kung unang araw pa lamang tayo ay idi-discharge na, the risk of transmission is as high as 60% ‘no. And we want to minimize iyong risk na iyon, iyong potensiyal na ang ating mga parating na mga travelers ay makaka-infect not just in the community but in their household.

So ito na lamang, huli pong mga mensahe mula po sa aming departamento ay iyong pagpaparating nga—alam ninyo po iyong paglabas ng mga variants, mga mutations na ‘to is a factor of transmission. So kung mas maraming kaso, dumadami at lumalaki ang tiyansa na magkaroon ng mga bagong mutation at variants at makakasama dito ang variants of concern. So kailangan pababain natin ang ating kaso para lumiit iyong tiyansa na iyon.

Nabanggit na natin na ang ating MPHS, PDITR at ang vaccination ay nananatiling epektibo to prevent and control the transmission. Nakita din natin iyong epekto ng ating mga Alpha and Beta variants and how it contributed to our case spike. At ayaw na po nating bumalik ‘no, magkaroon na naman tayo ng mga ganitong case spikes.

Ikaapat ay iyong ating 10 plus 4 quarantine na ngayon ay nakikita nating best strategy to protect us from entry ‘no at additional variants of concerns such as this Gama and this Delta variant. At siguro iyong ikalima ‘no, ang maigting na border control ay nagbibigay din sa atin ng oras ‘no para ang ating bansa ay ma-push ‘no, mapababa ang mga kaso at ikalawa iyon nga, mapataas pa ang ating vaccination coverage.

So iyon lamang po, Spox. Salamat po and magandang tanghali.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Dra. Althea De Guzman.

Punta na tayo sa ating open forum, Usec. Rocky.

**USEC. IGNACIO:** Yes. Good afternoon, Secretary Roque, at sa ating guest.

From Rosalie Coz of UNTV: Sa bakuna o kulong na banta ni Pangulong Duterte, gagawin na bang mandatory ang pagbabakuna sa bansa? Bakit ginawa ng—[CUT]

**SEC. ROQUE:** Lilinawin ko po ‘no. Noong minsan nagkaroon na po ng kaso sa Korte Suprema at ang kinuwesiyan po ay isang probisyon ng administrative code na nagsasabi na ang lahat ng mga bata ay dapat bigyan ng bakuna laban po sa smallpox. Ang sabi po ng ating Korte Suprema -ito po ay sa kaso ng People of the Philippines versus Jose Abad Santos - and I quote: “*The right of the state to compel compulsory vaccination is well established.*”

Now dito po sa desisyon ng ating Philippine Supreme Court eh kinowt [quoted] po nila iyong Jacobson versus Massachusetts, isang kaso po sa Amerika at ang sabi po ng korte roon, “*In every well-ordered society, the rights of the individual in respect of his liberty may at times under pressure of great dangers be subjected to such restraint to be enforced by reasonable regulations as the safety of the general public may demand.*”

So malinaw po iyan, sa jurisprudence po ng Pilipinas at ng Amerika, pupuwede pong m-  
compel, pupuwede pong ipatupad ang compulsory vaccination pero kinakailangan po may legal na basehan. So kinakailangan po natin either ng ordinansa or ng batas na magpapataw din ng parusa ‘no doon sa mga ayaw magpabakuna. So ang sinabi po ni Presidente kahapon, well kung kinakailangan gawing mandatory ‘yan, mayroon naman talagang legal na basehan iyan pero kinakailangan ordinansa or ng batas.

**USEC. IGNACIO:** Ang second question po niya: Paano ito gagawin? Hindi pa naman sapat ang supply ng bakuna sa Pilipinas?

**SEC. ROQUE:** Eh siguro po eh darating kasi tayo doon sa punto na sapat na ang supply. Sa ngayon po siyempre ha, iniengganyo pa natin sila para magbakuna dahil bagama't kakaunti po ang ating bakuna ay mayroong ayaw nang magpabakuna pa. Pero darating po tayo doon sa sapat-sapat na ang magiging supply natin.

**USEC. IGNACIO:** Ang third question po niya: Paano makakaapekto ang recent statement ng Pangulo sa vaccination program ng pamahalaan?

**SEC. ROQUE:** Wala po 'no. Ang tingin ko naman po ay sa ngayon po alam na ng ating mga kababayan na ang bakuna ay ang pinakamabisang proteksyon laban sa sakit na talaga namang nakakahawa at nakamatay.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary Roque.

**SEC. ROQUE:** Punta naman tayo kay Mela Lesmoras, please.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Hi! Good afternoon po, Secretary Roque, at sa ating mga guests. Secretary Roque, unahin ko lang po iyong follow up question about nga dito sa pagbabakuna. So just to be clear po, sa ngayon hindi pa naman required ang pagbabakuna sa ating mga kababayan at kailan kaya darating iyong punto na kakailanganin nga nating gumawa ng batas? Si Pangulong Duterte po ba kagabi may nasabi na siya about sa crafting po ng batas ukol dito?

**SEC. ROQUE:** Wala pa naman po 'no. Pero ang sinabi nga po niya 'no eh kasama po iyan sa tinatawag na police power of the state. At alam naman natin na mayroon nang mga desisyon na kinilala talaga na pagdating po sa isang emergency dahil po sa isang pandemic, talaga namang kikilalanin ng hukuman iyong primacy po o iyong kumbaga importansiya ng kapangyarihan na protektahan ang kalusugan ng publiko.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. And, sir, iyong about lang po sa face shield. Sa gitna ng mga development nga ngayon kailan naman po kaya, sir, darating iyong punto—ano iyong kailangang mangyari para naman maipatupad na itong no face shield? Kapag po ba na-control na itong mga variants sa Pilipinas, may chance na maituloy na iyong hindi paggamit ng face shield?

**SEC. ROQUE:** Ang sabi nga namin noong minsan lang ay gusto nga natin pati face mask eh magkaroon tayo ng mask-less Christmas 'no. Kakayanin naman po nating gawin ito 'pag na-contain na natin sa Metro Manila itong coronavirus na ito.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. And, sir, panghuli na lamang po, sa schedule ni Pangulong Duterte. Hanggang kailan po siya mananatili sa Davao City at may Cabinet meeting po ba ngayong linggo?

**SEC. ROQUE:** Wala pong Cabinet meeting pero punung-puno po ang schedule ni Presidente sa Huwebes.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Opo. Pero hanggang nasa Davao City po ba siya this week or babalik po siya ng Malacañang?

**SEC. ROQUE:** Ang alam ko pabalik po siya before Thursday.

**MELA LESMORAS/PTV4:** Okay. Thank you so much po Secretary Roque at sa ating mga panauhin.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat, Mela. Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

**USEC. IGNACIO:** Yes. Secretary, follow up lang po ni Celerina Monte: Will the Palace urge Congress or the local government units to pass a law or ordinances respectively making the COVID-19 vaccination mandatory?

**SEC. ROQUE:** Gaya ng sinabi ko po ‘no, ‘*nullum crimen, nulla poena sine lege*’ – kinakailangan ng batas para po ma-require itong mandatory vaccination at iyong ipapataw na parusa doon sa ayaw magpabakuna. So madali naman pong i-request iyan sa Kongreso dahil alam naman po ng Kongreso rin ang importansiya nitong pagbabakuna.

Pero gaya nga ng sabi ni Presidente, sana hindi na tayo umabot sa puntong iyon ‘no dahil marami naman po talagang nakakaintindi na talagang bakuna po ay susi sa pagsalba ng buhay.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Susunod na tanong po ni Leila Salaverria ng Inquirer: Why would arrest even be an option for the government about dito po sa non-vaccinees? Won’t this be a human rights violation as people have a right to decide what to do with their bodies? Similar question ni Buena Bernal ng Central News Asia.

**SEC. ROQUE:** Gaya nga po ng desisyon ng Philippine Supreme Court at ng US Supreme Court and I quote again, “*The rights of an individual in respect of his liberty may at times under pressure of great dangers be subjected to such restraint to be enforced by reasonable regulations as the safety of the general public may demand.*”

Alam mo ‘pag sinabing police power, talagang mayroon pong karapatang nalalabag; pero nilalabag iyong karapatan na iyon para sa mas malawakang interes at ito nga po iyong public health and public safety.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Second question: What kind of action is the DILG authorized to take against Cebu to ensure enforcement of the 10-day facility-based quarantine?

**SEC. ROQUE:** Well, I’ll leave it to the DILG ano po. That’s not for the President to respond to.

**USEC. IGNACIO:** Third question po niya: Can it deploy the police to for instance guard the quarantine hotels and make sure the returning Filipinos won’t leave before the 10 days

quarantine are over? Will it have to come to this? Similar question with Ryan Macasero ng Rappler Cebu.

**SEC. ROQUE:** Ang alam ko naman po, ang mga quarantine facilities dahil ako'y nag-stay na sa isang quarantine facility ay guwardiyado po talaga.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang fourth question po niya: Can the President really ignore a court order such an injunction on the reasoning that we are in an emergency? What is the basis of this in the Constitution?

**SEC. ROQUE:** Sabihin na lang po natin na mensahe lang po ng Presidente iyan na isang public emergency sa isang pandemya, kinakailangan talagang kilalanin iyong inherent police power ng estado para pangalagaan ang kalusugan ng lahat.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Punta naman tayo kay Tricia Terada, please.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Hi. Good afternoon. Spox, just to press on the President's threat, seryoso po ba iyong Pangulo dito na aarestuhin at huhulihin iyong mga hindi magpapabakuna or is he just saying this out of desperation?

**SEC. ROQUE:** Unang-una, it's to emphasize the point na bagama't boluntaryo ngayon ang pagbabakuna dahil nga po mayroong state of public emergency dahil sa pandemya, pupuwedeng gawin po iyan ng estado. So it's to emphasize what the state can do. But of course, alam din ni Presidente at sinabi naman niya na kinakailangan pag-aranan itong opsiyon na ito na kinakailangan pa ng batas na maipasa ng Kongreso.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Sir, what triggered the President to say this? Because ito na—parang ang sabi nga po niya eh parang bumabalik tayo doon sa style ng drug war natin na ang solution sa health problem ay police power. When in fact it's a medical issue, bakit po parang law and order problem iyong tingin daw natin dito sa problem sa vaccine hesitancy?

**SEC. ROQUE:** Iba po tayo ng konklusyon 'no kaya hindi kita masasagot. Kasi kapag mayroong drug lord, ang doktor walang magagawa sa drug lord. So sa biktima po iyon pero pagdating doon sa drug lord kinakailangan ipatikim ang full force of the law. So parang mali po 'ata iyong ating conclusion. Wala pong gamot sa drug lord na kumikita ng bilyones sa pagbibenta ng ipinagbabawal na gamot. Hindi po iyan medical problem.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Pero, sir, itong threat ng Pangulo subject to change pa po 'to kung halimbawa makita niya na maraming nagpapabakuna o mas maraming na-encourage magpabakuna?

**SEC. ROQUE:** Siyempre po at we are encouraged naman po by the public response. In fact, naiinip ang ating kababayan dahil kulang nga po ang bakuna 'no, so we're encouraged na hindi na kinakailangang gamitin iyong iron fist of the law to compel vaccination.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES:** Sir, doon naman po sa nabanggit ni Secretary Galvez na puwede na pong mabakunahan iyong pediatric population natin by the end of or the last part of the year. Is this something that's already in the pipeline or napag-uusapan na po ba ito doon sa IATF and NTF?

**SEC. ROQUE:** It is po 'no. It's included in our budget for vaccine procurement at alam ninyo naman nagkaroon na ng pag-amayenda doon sa EUA 'no ng Pfizer at least 'no na pupuwedeng mga teenagers 'no. And I'm sure upon submission of data, ganoon din ang mangyayari pagdating sa Sinovac.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** Sir, paano po ang mangyayari doon in terms of our targets? Kumbaga, magbabago po ba siya like 70% of the whole population na po iyong target natin or 50 to 70% pa rin po of adult population ang target natin?

**SEC. ROQUE:** Well, alam naman kasi ninyo ang population containment refers to the total population. So ibig sabihin lang niyan, mas dadami tayong mabibigyan ng bakuna, pero as far as containment or population protection is concerned, it is measured in terms of population. So 50 to 70% of the population. Bagama't iyong pagbabakuna po sa kabataan, iyan po talaga ang importante para sa herd immunity, kasi kinakailangan para sa herd immunity eh lahat ay mabakunahan.

**TRICIAH TERADA/CNN PHILS:** All right. Thank you very much, Spox.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much, Trish. Punta tayo kay Usec. Rocky, again.

**USEC. IGNACIO:** Yes, Secretary iyong tanong po ni Karen Lema ng Reuters, ni Mikhail Flores ng Agence France at saka ni Ivan Mayrina ng GMA 7 nasagot na ninyo, about jail and arrest of those who refuse to be vaccinated. From Kylie Atienza of Business World: President Duterte on Monday night thumb down the proposal of the education department to pilot-run face-to-face [classes]. Will the President or the National Government hold a meeting with the education sector to tackle and address the impacts of the pandemic on the country's education system? When will in person classes resume? Ano daw po ang susunod na hakbang ng gobyerno after the education Secretary withdrew the DepEd's proposal to hold pilot classes? Will Higher Educational Institutions be also prevented from holding limited in person classes and until when daw po ito?

**SEC. ROQUE:** On the first question, ang sabi po ni Presidente, nais niya munang makitang mabakunahan ang taumbayan. I think he is referring to at least containment or population protection. On the second question, mayroon naman po tayong ilang mga tertiary learning na nagpapatuloy na po ang face-to-face at iyan naman po ay pinapatupad at hindi po tinututulan

ng Presidente dahil ito po ay para sa mga kurso na kinakailangan sa pandemya, medical related professions.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Okay. Punta na tayo kay Melo Acuña, please.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Good afternoon, Mr. Secretary. I hope you already had a good lunch.

**SEC. ROQUE:** No, not yet. Although we have a very good lunch waiting for us. Thank you.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Siguro sa anniversary ng Tapatan, may lunch tayo.

**SEC. ROQUE:** Ay naku, salamat. Can it be everyday - anniversary?

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Huwag naman. I just have two important points. Sinabi po ng Pangulo na huhulihin iyong mga ayaw magpabakuna. Do we have the database to inform the government kung sino ang nabakunahan at kung sino ang hindi?

**SEC. ROQUE:** Yes, we have. Kaya nga po nadi-delay o dinelay natin iyong effectivity ng bagong quarantine requirements for iyong mga Pilipino na nabakunahan sa Pilipinas at nag-abroad kasi mayroon po tayong computerized database na hinanda po ng DICT. So remember po, today, epektibo na iyong seven-day quarantine for Filipinos who had their vaccination cards authenticated bago sila nag-abroad.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Opo. Nabanggit po ng G7 na tatapatan nila iyong One Belt, One Road ng Tsina at ang tawag nila roon ay Build Back Better World, B3W initiative. Ano kaya ang pulso ng Pilipinas dito? Nakinabang din po ba ang Pilipinas doon sa One Belt, One Road natin sa China?

**SEC. ROQUE:** Well, iyong mga proyekto po na naibigay po ng Tsina ay kabahagi rin po iyan ng One Belt, One Road project ng Tsina. Although, I have said this to the Chinese Ambassadors, sana mas marami po para mas malaki iyong impact. So, iyan po iyong aking sagot.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Yeah, but will we consider the programs coming from the G7 na magkakaroon din sila ng pantapat sa One Belt, One road?

**SEC. ROQUE:** We welcome that po, but to see and to actually receive is to believe.

**MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY:** Thank you very much, Mr. Secretary.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much, Melo. Punta uli tayo kay Usec, Rocky please.

**USEC. IGNACIO:** Question from Llanesca Panti of GMA News online: *On the President's comment daw po on ICC being 'BS'. Is he saying that the lack of apology from colonizers justifies the unabated drug war killings?*

**SEC. ROQUE:** Hindi ko po alam bakit ganoon iyong naging conclusion mo. Pero malinaw po iyan, it's 'BS', because in the first place, we are a sovereign country, kung mayroong dapat mag-imbestiga at maglitis kay Presidente, it will have to be Filipino fiscals and trial will have to be before Filipino judges.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Second question niya: *Will the Palace take Cebu Governor Garcia to court given her insistence of going against the national government's quarantine protocol? Same question po ni Ivan Mayrina and Joseph Morong ng GMA News?*

**SEC. ROQUE:** Mayroon na pong abogado na taga-Cebu na nagsampa ng kaso, so may kaso na po diyan without government having to file anything against any public official in Cebu.

**USEC. IGNACIO:** Third question: *The government has flip-flopped on a number of policies including the face shield policy and the planned pilot run of in person classes. Does the President hold regular meetings with his cabinet officials prior to his public appearances such as the Talk to the People?*

**SEC. ROQUE:** Wala pong mali mag-flip-flop kung mayroon kasing mga supervening events. Kaya nga po tayo nag-“flip-flop”, kasi mayroon namang Delta variant. Kaya po tayo nagkaroon ng surge, kasi nagkaroon tayo ng Alpha variant. So depende kung ano ang nadidiskubre ng siyensiya kinakailangan marunong tayong mag-adapt, it will continue. The process of adapting as this disease further develops and mutates, magpapatuloy po iyan at wala pong flip-flopping diyan dahil tayo ay nagpapatupad ng mga proteksyon alinsunod na rin sa kung paano nag-mutate ang virus.

**USEC. IGNACIO:** Fourth question niya: *Is the President calling for a special session to extend validity of Bayanihan 2 funds to pay quarantine expenses of returning OFWs? Similar question with Sam Medenilla of Business Mirror?*

**SEC. ROQUE:** No information po, but I attempted to call Secretary Wendel Avisado precisely to ask him these questions kanina pong umaga.

**USEC. IGNACIO:** Itatanong ko na lang po, Secretary, iyong tanong ni Pia Rañada na dapat naka-zoom po siya: *What is the government's next step to implement President Duterte's order to arrest those who refuse to get vaccinated?*

**SEC. ROQUE:** Wala pa po. Para mapatupad po iyan, kinakailangan nga ng batas.

**USEC. IGNACIO:** Opo. *What about people who might have legitimate reasons not to want to get vaccinated like a health concern?*

**SEC. ROQUE:** I ‘m sure that will be considered by Congress when they draft the law.

**USEC. IGNACIO:** When will this order be implemented?

**SEC. ROQUE:** When there is law.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Secretary.

**SEC. ROQUE:** Thank you very much. Sino pa, wala na bang magtatanong on Viber, on Zoom?

**USEC. IGNACIO:** Sir, sige itanong ko na lang po muna ito from Cedric Castillo of GMA News, for Dr. Alethea De Guzman: Doc, any update daw po on the monitoring if Delta variants sa community level? Ano daw po ang tiyansa ng community level gayong na-contain naman ang Delta cases sa Pilipinas?

**DR. DE GUZMAN:** Salamat po. So, tuluy-tuloy naman po ang ating bio-surveillance efforts at mayroon nga po tayong ginagawa na whole genome sequencing, na sinasama natin dito ang mga ating returning Overseas Filipinos at mayroon din po tayong kinukuha na samples mula sa iba’t ibang mga rehiyon. Sa pagdating ng mas malaki, mas madami pong mga testing kits, mas dadami po iyong samples na mati-test po natin sa mga susunod na buwan.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Second question po ninyo sa inyo: Doc, may ina-anticipate ba tayong epekto ng Delta variants sa vaccine rollout globally at sa ating bansa?

**DR. DE GUZMAN:** Nakita naman natin ‘no na tuluy-tuloy ‘no at nakikita natin na epektibo pa rin ang ating mga bakuna. Pero ang ini-emphasize ng pag-aaral, kailangan po ay two doses. So ito ay isang panawagan na, una, kapag nagkaroon tayo ng tiyansa, magpabakuna na po tayo. At kapag nakuha na po ang ating unang dose, dapat sundan po natin at bumalik po tayo sa ating ikalawang dose. At iyong huli na lang pong paalala ay kahit tayo po ay nakaisa o dalawang doses, tuluy-tuloy po ang pag-practice ng ating minimum public health standards.

**USEC. IGNACIO:** Thank you, Doc. For Secretary Roque: Secretary Roque, may naging aksiyon na po ba on the possible extension for estate tax amnesty?

**SEC. ROQUE:** Nasa desk pa rin po ng ating Pangulo.

**USEC. IGNACIO:** From Jerome Aning of PDI: Is there a specific IATF rules regarding the shape of the face shield? I recall you saying before, the face shield should cover the entire face from forehead to chin?

**SEC. ROQUE:** Opo, bawal po iyong kalahati. Mayroon pong IATF resolution in this regard, in fact I quoted it ‘no. Face shields, iyong visor-type face shields are not allowed. Face shields

shall cover the entire face; completely cover the sides and length of the face. Ito po iyong issuance po ng DOH MC # 2021 007 dated 29 January 2021.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Ang second question po niya: Regarding the pronouncement of the President regarding compulsory vaccination, will it affect the earlier advisory of the Department of Labor and Employment which prohibits no vaccination, no work policy in private companies and prohibiting the discrimination of unvaccinated employees?

**SEC. ROQUE:** Kapag nagkaroon po ng batas, siyempre mababago iyan.

**USEC. IGNACIO:** From Celerina Monte of Manila Shimbun: Clarification lang daw po sa Talk to the Nation ni Presidente kagabi, that the government will shoulder the hotel, quarantine, accommodation of Returning Overseas Filipinos who are not members of OWWA. Will it cover only Returning Overseas Filipinos arriving in Cebu or including those arriving in other international airports in the country?

**SEC. ROQUE:** I confirm the President said that. Pero I will attempt again to contact Secretary Avisado on this matter because I cannot answer at may level po.

**USEC. IGNACIO:** Ang sunod po niyang tanong: Does the government have the budget for this? If ever, how much will be allotted for this?

**SEC. ROQUE:** Ang sinasabi po ni Presidente, mayroon daw tayong 18 billion unspent sa Bayanihan II. Ang hindi ko lang po alam, eh baka mayroong specific line-item budget iyong mga unspent sum, so hayaan ninyo po munang makipag-ugnayan ako kay Secretary Avisado.

**USEC. IGNACIO:** From Ivan Mayrina and Joseph Morong: How would the national government compel obedience from Cebu Governor Gwen Garcia?

**SEC. ROQUE:** I don't think she is disobedient. The President understands na iyong ginawa po ni Governor Garcia is a form of innovation dahil nagkaroon po sila ng problema initially na kulang ang kanilang mga hotel rooms.

And the President appreciates the concern of Governor Garcia from a humanitarian perspective on the plight of our OFWs. But like the face shields, game-changer po talaga itong Delta variant; kinakailangan pong maiwasan ang pagpasok ng Delta variant kaya nga po pinatutupad iyong mandatory 10-day facility quarantine.

**USEC. IGNACIO:** Opo. From Pia Rañada pa rin po kasi, Secretary, hindi siya naka-Zoom ngayon: President Duterte said he was just shooting the breeze when he said he agreed with lawmakers that face shields should just be required in hospitals. But you said it was presidential policy. Why did you not make sure first of what the President meant before announcing such a thing?

**SEC. ROQUE:** Well, I did not announce it. It was Senate President Tito Sotto who announced it corroborated by Secretary Villanueva—I mean, Senator Villanueva, my apologies ‘no. So it’s not an issue of announcing. I did not announce it. The Senate President and Senator Villanueva both announced it and I only confirmed that verbally the President said it.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Iyong tanong po ni Ivan Mayrina, gusto lang po niyang kumuha ng reaksiyon sa Palasyo doon daw po sa statement ng SOJ. I quote, “I believe that the President merely used strong words to drive home the need for us to get vaccinated and reach herd immunity as soon as possible.” As a lawyer, he knows that not getting vaccinated is a legal choice. There is no law as yet that compels vaccination against COVID-19 much less criminalizes it, at as presently available vaccines are still in their trial phases.

**SEC. ROQUE:** Well, we agree that there is a requirement or there is a need for a law because of *nullum crimen, nulla poena sine lege* – you cannot punish an act unless there is a law that provides for a penalty. But perhaps, where we differ is we can compel mandatory vaccination, and that is already jurisprudence in People vs. Jose Abad Lopez ‘no, citing the American case of Jacobson vs. Massachusetts. But a law is required.

**USEC. IGNACIO:** From Buena Bernal of Central News: What did the President mean when he told Filipinos to go to India if they don’t want to be vaccinated? Has the Embassy of India in Manila be notified about this policy?

**SEC. ROQUE:** Don’t take him literally. Sinasabi niya, kung ayaw ninyo talagang magpabakuna, pumunta kayo sa ibang hurisdiksyon because in the Philippines, we want our people to be vaccinated.

**USEC. IGNACIO:** Second question po niya: What did he mean when he said he will have them jabbed with Ivermectin in their butts so they can die? Isn’t this unconstitutional?

**SEC. ROQUE:** Of course, it will be unconstitutional. But you know, that’s his way of saying, “Have yourselves vaccinated.”

**USEC. IGNACIO:** Opo. Third question niya: Is the threat to jail those who don’t want to get vaccinated as sign of desperation to quell vaccine hesitancy?

**SEC. ROQUE:** I think I have answered that enough. It is part and parcel of inherent police power to protect public health.

**USEC. IGNACIO:** Opo. Mayroon lang pong clarification si Karen Lema ng Reuters: Clarification with use of face shields, people exercising outdoors, biking, running need not wear face shields?

**SEC. ROQUE:** Again, common sense, please common sense. Law is based on human experience and you need to use common sense, in the same way that you don't use masks when swimming.

**USEC. IGNACIO:** Okay. Thank you, Secretary, iyong lang po ang nakuha nating mga tanong.

**SEC. ROQUE:** Maraming salamat po. At dahil wala na po tayong katanungan, thank you to Ambassador Babes Romualdez. Thank you to Dra. De Guzman. Thank you, Usec. Rocky. And thank you to our colleagues at Malacañang Press Corps.

Dahil wala na pong tanong, we call it a day in our regular presidential press briefing. Sa ngalan po ng inyong Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque na nagsasabi: Mga kababayan, pupuwede pong sapilitan ang bakuna. Pero naniniwala po ako, alam ninyo na po na ang bakuna ang susi para mabuhay.

Magandang hapon po sa inyong lahat.

##

--

*News and Information Bureau-Data Processing Center*